

# Kailangan Ba Ninyo ng Tulong sa Pagbabayad sa mga Singil sa Panahon ng COVID-19? Narito Kami Para Tumulong.

## Mga Katunayan o Facts Tungkol sa Emergency Customer Assistance for Covid-19 ng San Francisco Public Utilities Commission

Ang malasakit sa mga komunidad na pinaglilingkuran namin ay pangmatagalang pangako ng San Francisco Public Utilities Commission (SFPUC). Naiintindihan namin na ngayong mahirap ang panahon, mas maraming kostumer ang mahihirapang magbayad ng singil sa kanila. Kung nawalan kayo ng kita dahil sa COVID-19 o sa Kautusang Manatili sa Bahay, maaaring kuwalipikado kayo sa mga diskuwentong ito sa pamamagitan ng Emergency na Programang Pantulong sa Kostumer para sa mga residensiyal na kostumer:

- 15% bawas sa singil sa inyo sa tubig
- 30% bawas sa singil sa inyo sa koryenteng Hetch Hetchy
- 35% bawas sa singil sa inyo sa sewer

Isa itong pansamantalang programang mapapaso sa Hunyo 30, 2021, kaya huwag nang patagalin pa ang pag-apply!

Ginawa itong programa para matulungan ang mga kuwalipikadong kostumer na naapektuhan ng COVID-19. Mag-enroll ngayon sa pamamagitan ng pagkompleto sa online na form ng aplikasyon sa [bit.ly/bills-covid19](https://bit.ly/bills-covid19)\*

Kung mababa na ang kita ninyo bago pa magsimula itong krisis, dapat ninyong pag-isipang mag-apply sa aming mga karaniwang Programa ng Pagtulong sa Kostumer (Customer Assistance Programs o CAP) para sa [tubig at sewer](#) at [hetchy power](#) para makatanggap ng mga diskuwentong hindi mapapaso sa pagtatapos ng emergency. Kung isa kayong maliit na negosyo/non-profit na kostumer, may pansamantala ring [Programang Emergency na Pagtulong sa Kostumer \(Emergency Customer Assistance Program\)](#) para mabigyan kayo ng diskuwento sa inyong mga bill sa komersyal na tubig at sewer. Bisitahin ang [sfwater.org/billrelief](https://sfwater.org/billrelief) para sa impormasyon tungkol sa lahat ng programang pantulong para sa bill sa SFPUC na puwede ninyong magamit.

Unahing paglingkuran ang aming mga komunidad. Tulad ng dati, magagamit ng mga kostumer ang umaangkop na plano ng pagbabayad sa pagtawag sa (415) 551-3000. Itinigil muna ng SFPUC ang pagputol ng tubig at koryente dahil sa nahuling pagbabayad, ipinagpaliban ang mga lien (pagkakaroon ng karapatan sa pag-aari) at koleksiyon, tinanggal ang pagsingil sa multa para sa nahuling pagbabayad, at nagkaloob ng pagpapaliban ng renta sa mga nangungupahan sa aming mga pasilidad.

*\*Ang mga diskuwento na inilaan sa ilalim ng Programang Pantulong sa Kostumer ay matatapos pagkaraan ng Hunyo 2021 at puwedeng mapasailalim sa pagbabago o pagsuspindi anumang oras. Tandaan na hindi puwedeng makasama sa pansamantalang programang ito ang mga kostumer na naka-enroll sa CleanPowerSf. Para sa diskuwento sa singil ng koryente o tulong pinansiyal na makukuha ng mga kostumer ng CleanPowerSf, pumunta sa: [cleanpowersf.org/lower-your-bill](https://cleanpowersf.org/lower-your-bill).*

### Mga Madalas Itanong

**Sino ang kuwalipikadong sumali?** Ang mga kostumer ng tubig/sewer at Hetch Hetchy Power na apektado ang pinansiya dahil sa COVID-19 o sa Kautusang Manatili sa Tahanan, na may pinakamataas na kita ng sambahayang mababa sa 200% ng Median Income (Panggitnang Kita) ng San Francisco Area. Makukuha lamang ang diskuwento para sa inyong pangunahing residensiya, at dapat na nakalaan lamang ang account ninyo para sa inyong residensiyal na yunit. Hindi makukuha ang diskuwento ng mga account na residensiyal na maramihan ang yunit. Pakitingnan ang aplikasyon para sa mga detalye.

**Paano ako makakapag-sign up?** Bisitahin ang [sfwater.org/bill-covid19](https://sfwater.org/bill-covid19).

**Gaano kalaki ang matitipid ko?** Makatitipid ang mga kuwalipikadong kostumer ng 15% bawas sa tubig, 30% bawas sa koryente, at 35% bawas sa sewer na mga singil.

**Ligtas ba ang impormasyon ko?** Oo. Mahalaga sa amin ang pagiging pribado ng inyong impormasyon. Pananatilihin ng SFPUC na kumpidensiyal ang inyong impormasyon at gagamitin lamang ito para matukoy ang pagiging kuwalipikado ninyo sa programa.

**Gaano katagal bago magkabisang mga diskuwento ko?** Ipoproceso ang mga aplikasyon pagkatanggap sa mga ito. Kapag nag-apply kayo, makakatanggap kayo ng email o sulat na nagkukumpirmang natanggap namin ang aplikasyon ninyo. Tatagal nang mga dalawang linggo bago kami makipag-ugnayan sa inyo tungkol sa pagiging kuwalipikado ninyo sa mga diskuwento. Magsisimulang magamit ang mga diskuwento sa susunod na billing cycle pagkatapos na maaprobahan ang aplikasyon ninyo. Matatanggap ng mga kostumer ang mga diskuwento mula sa panahon ng pag-apruba sa kanilang aplikasyon hanggang Hunyo 30, 2021, at garantisado silang makatanggap ng hindi bababa sa isang buwang diskuwento mula sa petsa ng pag-apruba sa aplikasyon.

**May iba pa bang programa sa pagtitipid o ayuda na iniaalok ang SFPUC?** Opo, may karagdagang impormasyon sa [sfwater.org/billrelief](https://sfwater.org/billrelief).

**Ano ang kaugnayan nito normal na Programang Pantulong sa Kostumer (CAP)?** Kapag naging kuwalipikado kayo sa aming programang normal CAP, hinihikayat namin kayong doon na lamang mag-apply, dahil mas tatagal ito kaysa sa pansamantalang programang emergency. Kung aprobado na kayo sa normal na programang CAP, hindi na kailangang mag-apply para sa programang emergency. Alamin ang higit pa sa [sfwater.org/billrelief](https://sfwater.org/billrelief).

**Ano ang mangyayari sa pagtatapos ng programa?** Matatapos ang lahat ng diskuwento at tungkulin na ninyong bayaran ang normal na singil. Kung hirap pa rin kayo sa pagbabayad pagkatapos ng programa, puwede ninyong subukan na mag-apply sa programang normal CAP o makipag-ugnayan sa aming Mga Serbisyo sa Kostumer para mapag-usapan ang mga mapagpipiliang paraan ng pagbabayad. Tingnan ang lahat ng magagamit na mapagpipiliang tulong sa pagbabayad ng singil sa [sfwater.org/billrelief](https://sfwater.org/billrelief) o tumawag sa Mga Serbisyo sa Kostumer sa (415) 551-3000, Lunes hanggang Biyernes, 8am hanggang 5pm.

## Aplikasyon para sa Emergency na Tulong sa Customer kaugnay ng COVID-19

Ang Programang Relief para sa Emergency na Tulong sa Kostumer kaugnay ng COVID-19 ay nagbibigay ng mga diskuwento sa utility bill para sa mga kostumer na nawalan ng kita dahil sa COVID-19 o dahil sa Kautusang Manatili sa Bahay. Makakatanggap ang mga kuwalipikadong kostumer ng 15% diskuwento kada bill ng tubig, 35% diskuwento kada bill ng wastewater, at 30% diskuwento kada bill ng koryente mula sa Hetch Hetchy. Isa itong pansamantalang programa, kaya huwag nang patagalin pa ang pag-apply!

### Para maging kwalipikado sa programang ito, dapat ay:

- Isa kayong residensyal na customer na humihingi ng diskuwento para sa pangunahin ninyong tirahan, at mayroon kayong SFPUC account na para lang sa tinitirahan ninyong unit na nakapangalan sa inyo
- May maximum na gross na kita ng sambahayan bago kaltasin ang mga buwis at deduction na:
 

Laki ng Sambahayan	Taunang kita ng Sambahayan	Buwanang kita ng Sambahayan
1 Person	\$179,300	\$14,942
2 Person	\$205,000	\$17,083
3 Person	\$230,600	\$19,217
4 Person	\$256,200	\$21,350
Para sa Bawat Dagdag na Tao, Magdagdag ng	\$20,500	\$1,708
- Nawalan kayo ng kita dahil sa COVID-19 o sa kautusang manatili sa bahay, at nagkakaroon kayo ng problemang pinansyal at nahihirapan kayo sa pagbabayad sa inyong mga bill ng tubig, kuryente, at sewer.
  - Ang pagkawala ng kita ay maaaring dahil sa kawalan ng trabaho, pagbabawas ng oras sa trabaho, o kawalan ng kakayahang magtrabaho dahil sa mga legal na paghihigpit o pagkakasakit.
  - Kabilang sa mga kita ang sahod, sweldo, tip, at kita mula sa pagiging self-employed

### Pakisagutan ang mga sumusunod na field sa ibaba para mag-apply.

\* = Kinakailangan

<b>*Uri ng Account:</b> <input type="checkbox"/> Tubig/Sewer <input type="checkbox"/> Hetch Hetchy Power (Hindi kwalipikado ang mga customer ng CleanPowerSF sa programang ito, at sa halip ay dapat silang mag-apply sa CARE program ng PG&E)	
<b>*Pangalan ng May-ari ng Account:</b>	<b>*Water/Sewer Account number:</b> (tulad ng makikita sa pinakahuling singil sa inyo)
<b>*Hetch Hetchy Power Account number:</b> (tulad ng makikita sa pinakahuling singil sa inyo)	<b>*Address ng Serbisyo:</b>
<b>Email:</b> (Mangyaring magbigay ng email kung mayroon para sa mas mabilis na komunikasyon kung aprubado ba kayo sa programa)	<b>*Numero ng Telepono:</b>
<b>*Paano naapektuhan ng COVID-19 o ng kautusang manatili sa bahay ang kita ng inyong sambahayan? (piliin ang lahat ng naaangkop)</b>	
<input type="checkbox"/> Pagkakatanggal o pagkawala ng trabaho	<input type="checkbox"/> Bawas na oras o furlough
<input type="checkbox"/> Pagsasara ng negosyo o kawalan ng kakayahang magtrabaho dahil sa mga paghihigpit na dulot ng kautusang manatili sa bahay	<input type="checkbox"/> Kawalan ng kakayahang magtrabaho dahil sa pagkakasakit o pinaghihinalaang pagkakasakit ninyo o ng miyembro ng inyong pamilya
<b>*Dating buwanang kita ng sambahayan:</b> (Pakilista ang dati ninyong gross na kita bago ibawas ang mga buwis at deduction, bago maapektuhan ng COVID-19 at kautusang manatili sa bahay. Isama ang lahat ng sahod, sweldo, tip, at kita mula sa pagiging self-employed ng lahat ng miyembro ng inyong pamilya)	<b>*Kasalukuyang kita ng sambahayan kada buwan:</b> (Pakilista ang kasalukuyan ninyong gross na kita bago ibawas ang mga buwis at deduction, para ipakita ang epekto ng COVID-19 at ng kautusang manatili sa bahay. Isama ang lahat ng sahod, sweldo, tip, at kita mula sa pagiging self-employed ng lahat ng miyembro ng inyong pamilya)

**\*Dami ng nakatira sa aming sambahayan (isama ang inyong sarili):**

May mga karagdagan pa bang impormasyong gusto ninyong ibigay? Kung gayon, mangyaring gamitin ang puwang sa ibaba.

**Sa pamamagitan ng paglagda ko rito, idinedeklara ko sa ilalim ng kaparusahang perjury na:**

- Ako ang customer ng utility na nakapangalan sa aplikasyong ito, o awtorisado ako sa ilalim ng mga batas ng Estadong ito na lumagda ng mga dokumentong may bisa sa ilalim ng batas sa ngalan ng customer ng utility na ito.
- Nakaranas ang aking sambahayan ng pagkawala ng kita dahil sa COVID-19 o kautusang manatili sa bahay, at nakakaranas ako ng problemang pinansyal at nahihirapan akong bayaran ang aming mga bill sa tubig at sewer. Ang naturang pagkawala ng kita ay dulot ng pagkakatanggal sa trabaho, bawas na oras sa pagtatrabaho, o kawalan ng kakayahang magtrabaho dahil sa mga paghihigpit o pagkakasakit.
- Sa abot ng aking kaalaman, totoo at tama ang lahat ng impormasyong ibinigay ko sa aplikasyong ito.
- Nauunawaan kong isa itong pansamantalang programang nauugnay sa COVID-19 emergency at maaari itong suspindihin o wakasan anumang oras.
- Nauunawaan kong maaari akong hingian ng mga dokumento ng pagkawala ng kita at problemang pinansyal kung hihilingin, at kung malalamang nagbigay ako ng maling impormasyon, kakailanganin kong ibalik ang anumang diskwentong natanggap.
- Sumasang-ayon akong abisuhan agad ang SFPUC kung hindi na ako nakakaranas ng pinansyal na problema para maalis ako sa programa, na magtitiyak na magiging available ang tulong sa mga pinakanangailangan.

**\*Nilagdaan:** [Pangalan Dito]

Paano ninyo nalaman ang tungkol sa aming programa (piliin ang lahat ng naaangkop):

- |   |   |
|---|---|
| <input type="checkbox"/> Patalastas sa diyaryo o radyo                              | <input type="checkbox"/> Opisina ng Pagpapaunlad ng Ekonomiya at Lakas-Paggawa (Office of Economic and Workforce Development) |
| <input type="checkbox"/> Social Media   |   |
| <input type="checkbox"/> Materyales na ipinadala kasama ng bill ko                  | <input type="checkbox"/> Website ng SFPUC   |
| <input type="checkbox"/> Newsletter ng Superbisor ng Distrito (District Supervisor) | <input type="checkbox"/> Iba Pang Press o Media   |
| <input type="checkbox"/> Organisasyon sa Komunidad o Non-profit                     | <input type="checkbox"/> Materyales na idinilibera sa aking tahanan o opisina   |

Paano ninyo ilalarawan ang sarili (piliin ang lahat ng naaangkop):

- |  |  |
|--|--|
| <input type="checkbox"/> Asian   | <input type="checkbox"/> Native Hawaiian o Iba pang Pacific Islander |
| <input type="checkbox"/> Black or African American                     | <input type="checkbox"/> White                                       |
| <input type="checkbox"/> Filipino                                      | <input type="checkbox"/> Middle Eastern o North African              |
| <input type="checkbox"/> Indigenous, Native American o American Indian | <input type="checkbox"/> Multi-racial                                |
| <input type="checkbox"/> Latino, Latinx o Hispanic                     | <input type="checkbox"/> Iba pa                                      |

**Ipadala sa mail ang nasagutang application sa:**

San Francisco Water, Power and Sewer

Customer Services

Attn: CAP COVID19 Program

525 Golden Gate Avenue, 2nd Floor, San Francisco, CA 94102